# Sagot ng Gobyerno ng UK sa Grenfell Tower Inquiry Phase 2 Report

## Mga Nilalaman

Ehekutibong Buod ng Kabuuang Pagtugon ng Gobyerno sa Phase 2 ng Imbestigasyon sa Grenfell Tower ........ 2

Panimula at background ........ 2

Sagot ng Gobyerno ng UK kaugnay sa Grenfell Tower Inquiry Phase 2 Report ........ 3

Chapter 1: Ang Sagot ng Gobyerno ng UK sa Grenfell Tower Inquiry Phase 2 Report .. 9

Ang pahayag ng Deputy Primte Minister sa Parliament tungkol sa pagtugon ng Gobyerno sa pinal na report ng Grenfell Tower Inquiry. ........ 33

# Ehekutibong Buod ng Kabuuang Pagtugon ng Gobyerno sa Phase 2 ng Imbestigasyon sa Grenfell Tower

## Panimula at background

1. Ang teribleng trahedya sa Grenfell Tower ay ang pinakamalalang sunog sa mga lugar na tinitirhan sa Britain mula noong World War II. Noong madaling araw ng ika-14 ng Hunyo 2017, nagkasunog sa kusina ng Flat 16 Grenfell Tower, isang high-rise na residential building sa West London. Ang sunog, na dapat napanatili sa Flat 16, ay umabot sa materyales na nakapatong sa gusali at mabilis na kumalat paakyat sa labas. Sa loob ng ilang oras, kumalat ang apoy halos sa buong building. 72 na mga inosenteng buhay ang nasawi bilang resulta ng trahedya, 18 sa kanila ay mga bata.

2. Ang Grenfell Tower Inquiry ay pormal na itinatag ayon sa Inquiries Act 2005, at si Sir Martin Moore-Bick ang inatasang Chairman. Itinatag ang inquiry upang imbestigahan ang mga pangyayari kaugnay sa trahedya, kabilang dito ang sanhi at pinanggalingan ng sunog sa Grenfell Tower noong ika-14 ng Hunyo 2017, ang dahilan kung bakit kumalat ito sa buong building at kung paano nangyari ito dahil sa kondisyon ng gusali. Ang mga magkaugnay na isyu, tulad ng pagtugon ng London Fire Brigade, ang sakop at pagiging epektibo ng mga building regulation at ang pagtugon ng sentral at lokal na gobyerno sa sakuna, ay isasama din sa Terms of Reference ng Inquiry.

3. Ang Phase 1 report ng Inquiry ay inilathala noong ika-30 ng Oktubre 2019. Sinuri nito ang paraan kung paano nag-umpisa ang sunog, paano ito nakalabas mula sa flat na kung saan ito nag-umpisa, at paano kumalat ang apoy at usok sa kabuuan ng gusali. Tiningnan din nito ang pagtugon ng mga serbisyong pang-emergency sa gabi ng sunog. Nagsagawa ng 46 na rekomendasyon ang report ng Inquiry, 15 ay idinirekta sa gobyerno at 31 ay inilaan para sa Fire and Rescue o iba pang serbisyong pang-emergency. Tinanggap ng gobyerno ang Phase 1 report at inilathala ang tugon nito noong ika-21 ng Enero 2020, at sinang-ayunan, kahit ang ideya lamang, ang lahat ng mga rekomendasyon na isinagawa para sa sentral na gobyerno. Nakipag-ugnay ang Home Office sa Ministry of Housing, Communities at Local Government (MHCLG) upang ipatupad ang mga rekomendasyon ng Phase 1 ng Inquiry na para sa gobyerno, habang sinuportahan ang Fire at Rescue Services upang ihatid ang mga rekomendasyon na para sa kanila.

4. Inilathala ni Sir Martin Moore-Bick at ang kanyang team ang Phase 2 report nila noong ika-4 ng Setyembre 2024. Ito ang huling report, na nagsilbing pagtatapos ng pag-imbestiga ng Inquiry. Sinuri ng report ang mga pangunahing sanhi ng

sakuna, kabilang dito ang mga desisyong kaugnay sa mga mahalagang aspeto ng disenyo at pagsagawa ng cladding system, ang pag-test at pagtiyak ng mga produktong pang-konstruksyon, kung ang mga sistema ng regulasyon ay sapat, at ang pagresponde ng sentral at lokal na gobyerno. Sinakop din nito ang ebidensya na kaugnay sa mga inquest. Nagsagawa ang Inquiry ng 58 na rekomendasyon, 37 dito ay para sa gobyerno at 21 ay idinirekta sa mga ibang ahensiya at institusyon.

## Sagot ng Gobyerno ng UK kaugnay sa Grenfell Tower Inquiry Phase 2 Report

5. Tanggap ng gobyerno ang lahat ng impormasyon na napag-alaman ng Inquiry at ang mga problema na dapat lutasin, ayon sa mga rekomendasyon. Nangangako ito na tugunan nang husto ang lahat ng mga rekomendasyon. Ito ang dahilang kung bakit lahat ng 49 ng mga rekomendasyon ay tinanggap nang kabuuan ng gobyerno at ng iba pang mga kinauukulang organisasyon. Tungkol naman sa natitirang 9, na nakadirekta lahat sa gobyerno, tanggap ang mga ito ng gobyerno, kahit ang ideya lamang, at nilinaw sa aming tugon kung paano ipapatupad ang mga ito. Hindi para mabawasan ang pananagutang ito, ngunit dapat siguraduhin ng gobyerno na makamit ang mga pinakamahusay na resulta para sa mamamayan kung ang rekomendasyon ay mangailangan ng dagdag na pagsiyasat, tulad ng isang pampublikong konsultasyon.

6. Nagsagawa ng mga mahalagang reporma mula noong 2017 upang tutukan ang mga madalian at kailangang-kailangang pagkukulang na naitukoy bilang resulta ng trahedya sa Grenfell Tower pagdating sa building safety; fire safety at regulasyon; remediation; panlipunang pabahay at resilience at pagresponde sa mga emergency. Kabilang dito ang Remediation Acceleration Plan ng gobyerno, na inanunsyo noong Disyembre 2024 at nagsasaad ng mga patakaran ng gobyernong ito sa pagkilos laban sa hindi ligtas na cladding sa mga building sa England, kasama na ang mas mabilisang pag-ayos ng mga gusali, pagtukoy ng mga natitirang building na delikado at pagsigurado na ang mga residente ay suportado sa kabuuan ng proseso ng remediation. Sa sabay na pag-aksyon mula sa dalawang House, ipinasa din ng Parliament ang Building Safety Act noong 2022. Ayon sa batas na ito, nagsagawa ng mga reporma na nagbibigay sa mga residente at may-ari ng bahay ng mas higit na karapatan, kapangyarihan, at proteksyon upang gawing mas ligtas ang mga tahanan.

7. Sisiguraduhin ng gobyernong ito na ang mga pagbabagong ito ay ipapatupad nang maayos at nangangakong higitan pa ang mga aksyon upang magtaguyod ng 'generational shift' kaugnay sa kaligtasan at kalidad ng pabahay para sa lahat. Ito

ang dahilan, maliban sa pagresponde sa bawat 58 na rekomendasyon ng Inquiry, itong tugon na ito ay nagsasaad ng pangmatagalang hangarin para sa patuloy na pagbuo ng tiwala ng mamamayan sa ating mga building at fire safety system at paghatid ng mas magandang kinalabasan para sa mga residente sa bansa. Tulad ng nakasaad sa pagtugon na ito, maghahatid ang gobyerno ng mga sunod-sunod na ambisyosong reporma upang maabot ang layuning ito.

8. Una, ang mga residente ang dapat maging sentro ng mga sistema sa pagdisenyo, pagtayo at pagmentena ng mga gusali. Dapat lagi silang tratuhin nang may dignidad, mabigyan ng pagkakataong makareklamo kung may mga pagkakamali at marinig nang husto ang kanilang mga pananaw. Ang bagong Transparency, Influence at Accountability Standard ng Regulator of Social Housing ay magtataguyod ng mga patakaran na magsisigurado na lahat ng mga residente sa social housing ay tatratuhin nang patas at may respeto at magkakaroon ng boses sa sa relasyon nila sa kanilang landlord. Ie-extend ng gobyerno ang *Four Million Homes* na programa para sa training ng mga residente at isusulong ang *Make Things Right* na communication campaign, na nagsusuporta sa mga residente upang mas maunawaan at ipatupad ang kanilang mga karapatan. Ie-extend namin ang Social Housing Resident Panel, na nagbibigay ng pagkakataon sa mga residente na maipluwensiya ang mga patakaran ng gobyerno para mapabuti ang panlipunang pabahay. Nangangako rin kaming maghanap ng iba pang mga reporma upang makapaghatid ng malawakang pagbabago kung paano mapakinggan ang boses ng mga residente at maaksyunan ang mga ito.

9. Naglathala kami ngayon ng isang construction products green paper [**Construction Products Reform Green Paper**], na nagsasaad ng aming mga panukala para sa malawakang reporma ng sektor para sa mga produktong pangkonstruksyon, ang rehimeng namamahala nito at ang mga institusyon na dapat ipatupad ang kanilang mga tungkulin sa pagtiyak ng mga ligtas na produktong maaaring magagamit nang ligtas. Tututukan ng mga panukalang ito ang mga malawakang pagkukulang na nagdala ng trahedya sa Grenfell Tower at nagtahak sa landas upang maipatupad namin ang ambisyong siguraduhin ang mga produktong pangkonstruksyon ay ligtas ngayon at sa darating na mga dekada. Kabilang sa aming mga panukala ay ang mga pagbabago sa pagbigay ng lisensiya sa Conformity Assessment Body; ang obligasyong magreport ng mga datos; reporma para linawin ang pananagutan ng mga manufacturer at distributor; pagtatag ng isang Construction LIbrary; paglawak ng kapangyarihan ng national regulator na magsubaybay; at pagpahusay ng regulatory framework para sa mga produkto. Ang paglathala ng green paper ay ang umpisa ng pormal na konsultasyon at panahon ng aktibong pakikipag-ugnay upang matiyak namin na magiging tama ang mga panukalang reporma. Ang paglalathala ngayon ay isang mahalagang hakbang patungo sa

pagtatag ng generational shift sa mga produktong pangkonstruksyon na kailangang-kailangan natin.

10. Nangangako kaming magsagawa ng reporma sa aming regulatory regime upang mawala ang duda sa mga pamantayang maaasahan, kung sino ang dapat maghatid ng mga ito at kung paano sila masusuri nang wasto. Kaugnay ang Building Safety Regulator, nagsagawa kami ng panimulang rebyu ng kahulugan ng higher-risk building at isasaad ang mga plano para sa patuloy na pagrebyu nito sa summer ng 2025. Noong Disyembre 2024, inanunsyo namin ang malawakang rebyu ng mga Approved Documents, at tututukan kung paano ito inihahanda, ina-update at ipinapahayag. Isasailalim din ng Building Safety Regulator ang Approved Document B sa patuloy na pagrebyu, kahit na may mga isinagawang pagpapabuti mula 2017. Maglulunsad ang Building Safety Regulator ng konsultasyon para sa higit pa na pagbabago sa autumn 2025. Dagdag pa rito, tinitiyak naming may mga angkop na patakaran upang ma-access at imentena nang regular ang pipeline isolation valves at siguraduhin na magagamit sila kapag may emergency. Sa darating na mga buwan, magpapasa kami ng batas na mag-oobliga sa mga social landlord na magsagawa ng istrikto at regular na safety check, at magpapasok ng mga regulasyon upang maipatupad ang Awaab's Lawsa social rented sector na unti-unting ipapatupad mula Oktubre 2025. Magkokonsulta kami ukol sa pagpasok ng bagong Decent Homes Standard at minimum energy efficiency standards (MEES).

11. Determinado kaming kumikilos upang makabuo ng mahuhusay, propesyonal at bihasang mga manggagawa. Iuutos namin ang Regulator of Social Housing na magtatag ng mga pamantayan kaugnay sa kakayahan at ugali ng mga kawani. Magtatatag kami ng isang independiyenteng panel upang ikonsidera kung paano harapin ang mga pagtatalo at komersyal na interes mula sa building control at kung kailangang magkaroon ng pagbabago sa paraan ng paghatid ng mga desisyon ukol sa building control. Dagdag pa rito, makikipag-ugnay kami sa isang panel ng mga eksperto at akademiko upang malaman ang kinakailangang reporma upang masigurado na gampanan ng mga fire engineer ang kanilang tungkulin sa pagpanatili ng kaligtasan sa disenyo at paghatid nito. Plano naming isakatuparan ito sa autumn ng 2025. Alinsabay dito, magpapasa kami ng batas na mag-oobliga sa mga fire risk assessor na pumayag na mapatunayan sa paraang independiyente ang kanilang kakayahang gawin ang mahalagang tungkuling ito ng isang UKAS accredited certification body. Magkokonsulta kami kung ano pinakanararapat na katungkulang maipapatupad ng College of Fire and Rescue at kung paano ito malilikha at maihahatid. Magpapasok kami ng mga bagong requirement para sa mga principal designer at makikipag-ugnay sa sektor na ito

upang malaman ang pinakamahusay na sistema ng paglisensiya para sa mga principal contractors sa mga higher-risk building.

12. Magpapasok kami ng mga reporma na magtataguyod ng mas malinaw na patakaran kung sino ang dapat managot, para hindi na kailanman maiiwan sa mga residente ang mga resulta ng pagkakamali. Lahat ng mga katungkulang kaugnay sa sunog ay ililipat mula sa Home Office at ilalagay sa MHCLG, na kung saan isasama dito ang katungkulan sa building safety at emergency response sa pamamahala ng iisang Secretary of State. Magadala ito ng mas magka-ugnay na pamamalakad sa gobyerno. Tanggap din namin ang intensyon ng rekomendasyon ng Inquiry na ipagsama ang mga katungkulang kaugnay sa sektor ng konstruksyon sa ilalim ng isang regulator. Ang single regulator na ito ay maghahatid ng mga katungkulang itinukoy sa report maliban sa dalawang eksepsiyon. Hindi kami naniniwala na nararapat para sa single regulator na magsagawa ng pag-test at pagsertipika ng mga produktong pangkonstruksyon o magbigay ng mga certificate of compliance, dahil ito ay lilikha ng bagong conflict of interest sa regulator mismo. Sa halip nito, papalakasin namin ang responsibilidad ng Conformity Assessment Bodies sa pamamagitan ng mga reporma sa rehimeng mamamahala ng mga produktong pangkonstruksyon. Hihigitan pa namin ang mga rekomendasyon ng Inquiry sa pamamagitan ng pagkonsulta palakasin pa lalo ang imbestigasyon ng mga malalang insidente kaugnay sa building safety.

13. Dagdag pa rito, ang bagong regulatory regime na naglalayong gawing mas malinaw ang palakad at pananagutan sa sektor ng social housing ay tumutulong na tutukan ang sitwasyon na kung saan hindi naaabot ng mga landlord ang mga pamantayan na itinakda ng Social Housing Regulator. Palalakasin pa lalo namin ang bagong rehimen sa pamamagitan ng pagpasok ng mga bagong access to information requirement para sa mga pribadong nakarehistro na provider at ie-extend ang Freedom of Information Act para masakop ang Tenant Management Organisationsm (TMOS). Ire-rebyu namin ang mga pangkalahatang areglo para sa responsibilidad ng delegated management organisation, kabilang dito ang mga TMO, upang masiguradong may epektibong pamamalakad at pananagutan, kahit na sinuman ang maghatid ng mga housing management service sa mga tenant. Isasaad din namin ang mga susunod na hakbang kaugnay sa aksyon laban sa mga construction product manufacturer.

14. Obligado ang gobyerno na siguraduhin na ang mga taong pinaglilingkuran nito ay nasa sentro ng lahat ng ginagawa ng mga ministro at opisyal. Tanggap ng gobyerno, kahit ideya lamang, na kailangang mayroong mas masigasig na sistema upang suriin ang implementasyon ng mga rekomendasyon na natatanggap nito. Alinsabay sa Coronial Prevention of Future Death Reports and Select Committee

reports na maaaring mabasa ng publiko, magtatatag kami ng rekord ng lahat ng mga rekomendasyon na isinagawa ng mga public inquiry mula 2024 na maaari ring mabasa ng publiko. Titiyakin namin na gagawin itong karaniwang patakaran para sa lahat ng public inquiry report sa darating na panahon, at ikokonsidera naming isabatas ang requirement na ipanatili ang ganitong rekord. Ang mga progress report na nagbibigay ng update tungkol sa bawat rekomendasyon mula sa Grenfell Tower Inquiry ay ilalathala sa GOV.UK mula Hunyo 2025 bawat quarter. Nangako ang Prime Minister na ipatupad ang 'Hillsborough Law' upang gawing legal na tungkuling maging tapat ang mga kawani ng gobyerno at mga awtoridad upang masigurado na ang katotohanan ay mangingibabaw at para maiwasan ang mga cover up. Iingatan din naming ire-rebyu ang mga konklusyon ng Inquiry kung paano pinapalakad ang ngayong Ministry of Housing, Communities at Local Government bilang isang departamento, kaugnay sa mga proseso at mga ugali dito. Patuloy naming tututukan ang halaga ng epektibong risk management at pagtiyak na mayroong isang komprehensibong patakaran ukol sa whistleblowing. Dagdag pa rito, isasaad namin ang aming hangarin para sa isang malapit na pakikipag-ugnay ng gobyerno at industriya upang maitukoy at isulong nang husto ang mga naturang reporma.

15. Ilalahad ng tugon na ito kung paano palalakasin ng gobyerno ang katibayan ng loob ng ating bansa at dagdagan ang kahandaan sa mga iba't ibang panganib. Kabilang dito ang gawaing bahagi ng resilience review na isinasagawa ng Chancellor of the Duchy of Lancaster; ang pagrebyu ng batas at gabay upang masigurado na malinaw kung ano ang dapat asahan mula sa mga lokal na partner at national government bago, habang nagaganap at pagkatapos ng pagresponde; at pakikipag-ugnay sa mga taong kinauukulan bago at habang nagaganap ang response at recovery sa mga support community. Kinukumpirma din namin ang pagpondo para sa Local Resilience Forum para sa 2025 hanggang 2026 at nangangakong bumuo ng proseso upang mas maunawaan ang kanilang kapasidad, kakayahan at pagsagawa. Ilalathala namin ang binagong Resilience at Emergency National Occupational Standard sa Abril 2025.

16. Pinapabuti namin ang mga plano para sa paglikas. Sa huling bahagi ng 2025, magsasagawa kami ng bagong sekundaryong lehislasyon sa residential personal emergency evacuation plans (RPEEPs), na kabibilangan din ang pag-obliga ng evacuation plan para sa buong building, at para sa medium-rise residential building na may simultaneous evacuation plan na isinagawa na. Binago ang mga patnubay ayon sa batas upang magkaroon ng Evacuation Alert System para sa mga bagong bloke ng flat na humigit sa 18 metro, upang maaaring makapagpadala ang fire at rescue services ng senyales sa buong building o sa napiling bahagi nito na mag-evacuate sa pamamagitan ng mga sounder o iba pang magkatulad na device.

Isusulong din ng gobyerno ang isang programa na gawing mas moderno at magsagawa ng reporma sa fire at rescue service. Ang programang ito, alinsabay sa pakikipag-ugnay sa ibang partner nito sa sektor, ay magtatatag ng isang pangmatagalang hangarin para sa sektor; maghahatid ng mas mahusay na pamantayan at propesyonalismo; lumikha ng mga kundisyon para sa positibo at inklusibong kultura; palaguhin ang productivity at efficiency at magbigay ng matatag at well-trained na mga mamumuno.

17. Nangangako kaming maghatid ng makabuluhang pagbabago sa lalong madaling panahon. Dahil sa lawak na sakop ng pagbabago na kakailanganin, kasama na dito ang lehislasyon, layon naming ihatid ang iba pang mga reporma sa loob nang tatlong yugto sa kabuuan ng Parliament na ito, ipagsasama ang mga rekomendasyon na idinirekta sa gobyerno at ang aming mga malawakang reporma bilang magka-ugnay na pag-aksyon. Magiging mahalagang bahagi ang mga ito sa aming parating na housing strategy. Ang unang yugto ng aming strategy ay sisiguraduhing maihahatid namin nang epektibo ang kasalukuyang programa ng regulatory reform at pagbabago mula ngayon hanggang 2026. Sa pangalawang bahagi (2026 hanggang 2028), papabutihin namin ang mga panukala upang maihatid ang mga rekomendasyon ng Inquiry at ang mga malawakang reporma, kabilang dito ang pagsulong ng lehislasyon kung mamarapatin ng Parliament. Mula 2028, tututukan namin ang pagpapatupad ng mga reporma na ipinasok. Mahalaga na makipag-ugnay nang husto sa lahat ng aming delivery partner sa bawat yugto.

18. Nangangako kaming isagawa ito at magpasok ng pangmatagalan at makabuluhang pagbabago bilang parangal sa mga 72 na buhay na nasawi at sa mga taong naapektuhan nang habangbuhay dahil sa sakuna. Ito ang aming tungkulin bilang isang gobyerno ng serbisyo.

## Chapter 1: Ang Sagot ng Gobyerno ng UK sa Grenfell Tower Inquiry Phase 2 Report

19. Tanggap ng gobyerno ang lahat ng impormasyon na napag-alaman ng Inquiry at ang mga problemang dapat lutasin na itinukoy ng mga rekomendasyon. Nangangako kami na tugunan nang husto ang lahat ng mga rekomendasyon. Ito ang dahilang kung bakit lahat ng 49 ng mga rekomendasyon ay tinanggap nang kabuuan ng gobyerno at ng iba pang mga kinauukulang organisasyon.

20. Tungkol naman sa natitirang 9, na nakadirekta lahat sa gobyerno, tanggap namin ang mga ito, kahit ang ideya lamang, at nilinaw sa aming tugon kung paano ipapatupad ang mga ito. Hindi mabawasan ang pananagutang ito, ngunit dapat siguraduhin ng gobyerno na makamit ang mga pinakamahusay na resulta para sa mamamayan kung ang rekomendasyon ay mangailangan ng dagdag na pagsiyasat, tulad ng isang konsultasyon.

21. Nakasaad sa ibaba ang mga direktang tugon ng gobyerno sa mga rekomendasyon, gamit ang mga numero ng talata mula sa report.

**Rekomendasyon 1: Na ibubukod ng gobyerno ang lahat ng mga tungkuling kaugnay sa industriya ng konstruksyon at isasailalim ito sa isang single regulator na naitukoy na namin. (113.6)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito kahit ang ideya lamang.**

Ang single regulator na ito ay maghahatid ng mga katungkulang itinukoy sa report maliban sa dalawang eksepsiyon. Hindi kami naniniwala na nararapat para sa single regulator na magsagawa ng pag-test at pagsertipika ng mga produktong pangkonstruksyon o magbigay ng mga certificate of compliance, dahil ito ay lilikha ng bagong conflict of interest sa regulator mismo. Sa halip nito, papalakasin namin ang responsibilidad ng Conformity Assessment Bodies sa pamamagitan ng mga reporma sa rehimeng mamamahala ng mga produktong pangkonstruksyon.

Mag-uumpisa ang implementasyon kaagad, at magsisimula ito sa pamamagitan ng pagsuporta sa kasalukuyang rehimeng namamahala ng regulasyon bilang pundasyong patungo sa mas higit na konsolidasyon. Maglalathala rin kami ng construction products green paper alinsabay sa tugong ito na nagsasaad ng mga panukalang reporma namin para sa regimeng namamahala sa mga produktong pangkonstruksyon na mangangasiwa sa implementasyon ng rekomendasyong ito.

Maglalathala kami ng Regulatory Reform Prospectus at konsultasyon sa disenyo ng single regulator sa huling bahagi ng taong ito bago ihaharap ang kinakailangang batas upang maipasa ito kalaunan sa Parliament.

Hihigitan pa namin ang mga rekomendasyon ng Inquiry sa pamamagitan ng pagkonsulta sa pagpapalakas pa lalo ng imbestigasyon ng mga malalang insidente kaugnay sa building safety.  Susuriin namin ang lahat ng mga opsyong hihigit pa lalo upang matiyak na ang lahat ng mga malalang insidente ay iimbestigahan kaagad at walang paglilihim, kabilang dito ang iisang organisasyon na magbibigay ng dagdag na pananaw, ebidensya at paghahamon.

**Rekomendasyon 2: Na kailangan irebyu kaagad ang depinisyon ng higher-risk building ayon sa mga layunin ng Building Safety Act. (113.7)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Nagsagsawa ng inisyal na pagrebyu ang Building Safety Regulator ukol sa depinisyon ng higher-risk building. Ihahanda para sa summer 2025 ang mga plano para sa patuloy na pagrerebyu na magpapatibay sa building system, magbibigay ng katiyakan sa mga residente at itutukoy kung ang listahan ng mga gusali na sakop ng enhanced regulatory oversight at mga requirement ng higher-risk regime ay dapat iamyenda sa kung anumang paraan.

**Rekomendasyon 3: Na ipagsasama ng gobyerno ang lahat ng mga tungkulin kaugnay sa fire safety na kasalukuyang pinamamahalaan ng MHCLG, Home Office at Department for Business at Trade sa isang departamento na sasailalim sa iisang Secretary of State. (113.8)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Lahat ng mga tungkuling kaugnay sa fire safety ay of ililipat mula sa Home Office patungo sa MHCLG. Ang National Regulator para sa Construction Products sa Department for Business at Trade ay nagre-report na sa Secretary of State ng MHCLG, at patuloy naming pag-aaralan ang konsolidasyon ayon sa rekomendasyon ng report para sa mas malawakang reporma.

**Rekomendasyon 4: Na hihirang ang Secretary of State ng Chief Construction Adviser na may sapat na budget at kawani upang magbigay ng payo sa lahat ng mga isyu kaugnay sa industriya ng konstruksyon, kabilang dito ang:**

a) **pagsubaybay ng lahat ng aspeto ng mga gawain ng departamento kaugnay sa Building Regulations at statutory guidance;**
b) **pagbibigay ng payo sa Secretary of State kung hiniling ito; at**
c) **pagharap sa atensyon ng Secretary of State ang anumang mga isyu kaugnay sa mga Building Regulation at statutory guidance o mga usaping**

**ukol sa industriya ng konstruksyon na dapat mapag-alaman ng gobyerno. (113.9)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Hihirang kami ng Chief Construction Adviser upang magbigay ng payo sa Secretary of State,  upang subaybayan ang mga gawain ng departamento kaugnay sa mga Building Regulation, statutory guidlines at ang industriya ng konstruksyon,  at upang ipagsama-sama ang industriya upang mapanagot ito , makatulong sa pagdisenyo at ihatid ang progreso na kailangan nating maabot upang magkaroon ng epektibong reporma at kultural na pagbabago. Magbibigay ng direktang input ang Chief Construction Adviser at isasama ang pakikipag-ugnay ng industriya sa disenyo at implementasyon ng single regulator.

**Rekomendasyon 5: Irerebyu ang Statutory Guidance at partikular  ang Approved Document B at ilalathala ang inamyendang bersyon sa lalong madaling panahon. (113.11)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Nagsasagawa ng rebyu ang Building Safety Regulator kung paano mabago ang statutory guidance na kilala ngayon bilang Approved Documents, upang makapagbigay ng mas wasto at makabagong patnubay sa mga designer upang maipakita ang compliance sa mga building regulation. Ang mga naunang finding ay ilalathala sa summer ng 2025 at ang buong listahan ng mga rekomendasyon ay ilalathala sa 2026.

Ang mga patnubay sa Approved Document B ay binago na nang ilang beses mula noong 2017 upang gawin itong mas malinaw at pahusayin ang mga fire safety standard. Nangangako ang gobyerno na patuloy na irebyu ang Approved Document B, at magsasagawa ang Building Safety Regulator ng konsultasyon tungkol sa higit pang mga pagbabago sa autumn ng 2025.

**Rekomendasyon 6: Ang inamyendang bersyon ng guidance ay magtataglay ng malinaw na babala sa bawat seksyon na ang mga legal requirement ay nasa Building Regulations at ang pagsunod sa guidance ay hindi mangangahulugan na sinunod ang mga ito. (113.12)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Tutugunan namin ito sa pamamagitan ng pagresponde sa rekomendasyon 5.

**Rekomendasyon 7: Dahil sa mga bagong materyales at paraan ng konstruksyon at ang pagsagawa ng overcladding sa mga kasalukuyang building, nagiging**

**kaduda-duda ang effective compartmentation at inirerekomenda namin na irebyu ito kapag inamyenda ang Approved Document B. (113.13)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong.**

Haharapin namin ito sa pamamagitan ng pagtugon sa rekomendasyon 5.

**Rekomendasyon 8: Ang pagkalkula ng bilis ng pagkalat ng sunog at oras na kakailanganin para sa paglikas, kasama na dito ang paglikas ng mga taong may pisikal o mental na kapansanan, ay mga usaping para sa isang kwalipikadong fire engineer. Pananaw namin na hindi makakatulong na isama sa Approved Document B ang indikasyon kung anu-ano ang magiging katanggap-tanggap dahil magkakaiba ang bawat building, ngunit irerekomenda namin na isaad sa guidance ang pangangailangan na ikalkula ito. (113.13)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Tutugunan namin ang rekomendasyong ito sa pamamagitan ng patuloy na pagrebyu sa Approved Document B na pinangungunahan ng Building Safety Regulator. Sa pamamagitan ng rebyu at pakikipag-ugnay ng industriya, maghahanap ng mga paraan upang ma-update ang Approved Document B upang magbigay ng karagdagang patnubay ukol sa pagkalat ng sunog sa labas ng gusali, habang sinusuportahan nang sapat ang mga designer sa pagkonsidera ng fire spread sa external wall.

**Rekomendasyon 9: Hangga't maaari, ang mga miyembro ng mga ahensiya na nagpapayo ukol sa mga pagbabago sa statutory guidance ay dapat may kasaping akademiko at iyong may mga praktikal na kakayahan sa industriya (kasama na ang mga fire engineer) na pinili dahil sa kanilang kaalaman at kakayahan at hindi lamang yung mga nagsilbi sa mga ganitong organisasyon noong nakaraan. (113.14)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Sang-ayon kami na dapat isali sa mga ahensiyang nagbigibay ng payo ukol sa mga pagbabago sa statutory guidance ang isang malawakang saklaw ng mga representante, kabilang dito ang mga akademiko at mga propesyonal.

Itinatag ng Building Safety Act 2022 ang Building Advisory Committee (BAC), na suportado ng mga thematic working group tulad ng Approved Document B Safety Working Group. Itong mga ito ay may mararaming miyembro na galing sa akademiko at propesyonal na sektor. Sisiyasatin ang mga miyembro at saklaw ng kadalubhasaan sa BAC sa pagrebyu ng statutory guidance.

**Rekomendasyon 10: Gawing requirement ayon sa batas ang pagbuo ng fire safety strategy na gawa ng isang rehistradong fire engineer at isumite ito kasama ng building control application (sa Gateway 2) para sa pagtayo o pag-ayos ng anumang higher-risk building at dapat itong irebyu at isumite muli kapag natapos na ito (Gateway 3). Kailangang bigyang konsiderasyon ng strategy na ito ang mga pangangailangan ng mga bulnerableng tao, kabilang dito ang dagdag na panahon na maaaring kailanganin nila upang makalikas ng building o makarating sa isang ligtas na lugar dito at iba pang dagdag na pasilidad na kailangan upang matiyak ang kanilang kaligtasan. (113.15)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Rekisito na ang isang fire safety strategy sa mga aplikasyon kaugnay sa building control para sa konstruksyon at iba pang mahalagang gawain sa mga higher-risk building. Ang Building Safety Regulator ang magpapasya kung paano mas lilinawin ang kasalukuyang guidance sa mga aplikante.

Ang pagrehistro ng propesyon ng fire engineering ay tinugunan sa pagresponde sa rekomendasyon 15.

**Rekomendasyon 11: Ang pagsusuri kung ang external wall system ay maaaring makasuporta sa partikular na evacuation strategy ay mahirap dahil hindi laging makuha ang kailangangang impormasyon. Kaya inirerekomenda namin na umpisahan, kasama ng mga propesyonal at akademiko, ang pagbuo ng mga bagong paraan ng pagtest na makakapagbigay ng impormasyong kailangan para makapagsagawa ng mga wastong ebalwasyon. (113.17)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Makikipag-ugnay kami sa komunidad ng mga propesyonal at akademiko upang matugunan ang rekomendasyong ito sa pamamagitan ng patuloy na rebyu ng Approved Document B na pinamumunuan ng Building Safety Regulator na magpapasya sa anumang kailangang pagbabago sa guidance para sa mga external wall. Maaapektuhan ng mga pananaliksik sa isyung ito ang anumang pagbabago sa mga bagong paraan ng pagtest; ipapaubaya ng gobyerno sa sektor ng konstruksyon na ipakita na ang mga paraan ng pagtest ay epektibo at magbibigay ng tunay na indikasyon kung paano gagana ang isang external wall system kung magkasunog.

**Rekomendasyon 12: Dapat mag-ingat pagdating sa BS 9414 at inirerekomenda namin na dapat linawin ng gobyerno na hindi ito dapat gawing kapalit ng assessment na isinagawa ng kwalipikadong fire engineer. (113.18)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Tutugunan namin ito sa pamamagitan ng pagresponde sa rekomendasyon 5.

**Rekomendasyon 13: Ang construction regulator ang dapat magkaroon ng responsibilidad para suriin na ang mga produktong pangkonstruksyon ay naaayon sa mga requirement ng batas, statutory guidance at mga pamantayan ng industriya at magbigay ng sertipiko kung nararapat. Dapat nating asahan na ang mga sertipikong ito ay mangingibabaw sa merkado. (113.22)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito kahit ang ideya lamang.**

Naglathala kami ng isang construction products green paper alinsabay ng pagresponde sa Inquiry na mas epektibong tumutugon sa rekomendasyong ito, dahil ituturing itong bahagi ng malawakang pagreporma sa sistema.

Kailangang ipatupad ito sa rehimeng namamahala sa mga produktong pangkonstruksyon at sa industriya upang matugunan ang mga pangmatagalang iysu sa sektor na ito. Isasaad ng green paper ang mga malawakang hakbang, kabilang dito ang mga bagong obligasyon para sa mga nagsasagawa ng pagtest, pagsertipika, at pagtiyak ng mga produktong pangkonstruksyon.

Isusulong ng mga malawakang hakbang na ito ang mga pamantayan kaugnay sa katapatan, katiyakan, katatagan, na naglalayong sumuporta sa mga ligtas na produkto at ligtas na paggamit ng mga produkto.

**Rekomendasyon 14:**

a) **na isama sa sertipiko ang lahat ng mga kopya ng mga resulta ng mga test na sumusuporta nito na galing sa construction regulator;**

b) **na dapat obligahin ang mga manufacturer na isumite sa construction regulator ang buong testing history ng produkto o materyales na itinutukoy ng sertipiko at ipaalam sa regulator ang anumang bagay na makakaapekto sa paggana nito; at**

c) **obligahin ang mga manufacturer gamit ang batas na magbigay ng kopya, kung hilingin man, ng lahat ng mga test result na sumusuporta sa mga pahayag tungkol sa fire performance ukol sa kanilang mga produkto. (113.23)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito kahit ang ideya lamang.**

Kailangang maging malinaw, wasto at suportado ng ebidensya ang anumang mga pahayag tungkol sa paggana ng produkto, kabilang dito ang mga pahayag na naaangkop itong gamitin sa ilang sitwasyon. Dapat madaling makuha at walang

babayaran ang anumang mga test result na aasahan ng mga pumipili at gumagamit ng produkto, kapag may ipinapasok na produkto sa market. Dagdag pa rito, kailangang may kapangyarihan ang national regulator na obligahin ang pagbunyag ng anumang impormasyong kaugnay sa proseso ng testing na maituturing na kailangan upang matiyak na ang produkto ay naaayon sa batas.

Naglathala kami ng construction products green paper alinsabay sa pagresponde sa Inquiry na nagpapanukala ng mga malawakang pagreporma, kabilang dito ang mga hakbang na tumutugon sa pagtest ng produkto at conformity assessment.

**Rekomendasyon 15: Kilalanin at bigyang proteksyon ayon sa batas ang propesyon ng fire engineer at magtatag ng independyenteng ahensiya na mamahala sa propesyon, magtatakda ng mga pamantayan para maging miyembro, magkaroon ng rehistro ng mga miyembro at pangasiwaan ang kanilang pagkikilos. (113.25)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Tanggap namin ang kahalagahan ng mga fire engineer sa pagtiyak ng fire safety at bibigyang konsiderasyon kung paano mapoprotektahan at pangangasiwaan ang propesyon nang husto.

**Rekomendasyon 16: Na magsasagawa ang gobyerno ng agarang hakbang upang dagdagan ang mga pwesto sa mga de kalidad na masters level na kurso sa fire engineering na accredited ng professional regulator. (113.25)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Tanggap namin ang kahalagahan na maidadala ng dagdag na masters level course sa fire engineering at ikokonsidera kung paano madadagdagan ito at ang pag-aaral nito.

**Rekomendasyon 17: Magtitipon ang gobyerno ng grupo ng mga fire engineer at mga akademiko at propesyonal na kaugnay sa pag-aaral na ito upang bumuo ng matimbang na pahayag na nagsasaad ng mga kaalaman at kakayahang maaasahan mula sa isang mahusay na fire engineer. Magbibigay ng impormasyon itong pahayag na ito tungkol sa propesyon ng fire engineer at ang halaga nito sa mga taong nasa industriya ng konstruksyon. (113.27)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Magtatakda kami ng panel ng mga akademiko at eksperto sa industriya upang maitukoy kung ano ang dapat maaasahan mula sa isang mahusay na fire engineer. Magbibigay

suporta at payo rin ang panel sa implementasyon ng ibang mga rekomendasyon kaugnay sa mga fire engineer.

**Rekomendasyon 18: Makikipag-ugnay ang gobyerno sa mga organisasyong kaugnay ng industriya, upang isulong ang paglikha ng mga kurso tungkol sa mga aralin sa fire engineering para sa mga propesyonal sa konstruksyon at miyembro ng fire at rescue services bilang bahagi ng kanilang nagpapatuloy na professional development. (113.28)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Tanggap namin ang halaga ng mga aralin ukol sa fire engineering para sa mga propesyong ito at ang mga magkaugnay na kurso. Makikipag-ugnay kami sa mga organisasyong kaugnay ng mga propesyonal at industriya upang maitukoy kung paano masuportahan nang husto ang pagbuo ng mga kursong ito.

**Rekomendasyon 19: Tanggap namin na ang Architects Registration Board (ARB) at ang Royal Institute of British Architects (RIBA) ay nagsagawa ng mga hakbang mula noong sunog sa Grenfell Tower na pagbutihin ang edukasyon at training ng mga arkitekto. Inirerekomenda namin na dapat nilang irebyu ang mga pagbabagong naisagawa na upang matiyak kung sapat na ang mga ito ayon sa mga findings namin. (113.30)**

**Tanggap ng ARB at RIBA ang rekomendasyong ito.**

Ayon sa report ng Inquiry, ang regulator, ang Architects Registration Board (ARB) at ang propesyonal na organisasyon, ang Royal Institute of British Architects (RIBA) ay nagsagawa ng mga hakbang mula noong sunog sa Grenfell Tower na pagbutihin ang edukasyon at training ng mga arkitekto. Nangako ang dalawang organisasyon na irebyu ang mga pagbabagong isinagawa na upang matiyak na sapat ang mga ito ayon sa mga napag-alaman ng Inquiry.

Nasisiyahan kami sa mga hakbang na isinagawa na ng ARB at RIBA, at patuloy naming susuportahan silang magsagawa ng higit pang pagbabago kung kailangan.

**Rekomendasyon 20: Gawing statutory requirement na kung mayroong aplikasyon para sa pag-aproba ng building control kaugnay sa konstruksyon o pagrefurbish ng isang higher-risk building (Gateway 2), dapat suportahan ito ng pahayag mula sa senior manager ng principal designer na sumailalim sa Building Safety Act 2022 na lahat ng mga makatwirang hakbang ay isinagawa upang matiyak na sa pagtapos nito, ang building ay maituturing na ligtas ayon sa Building Regulation. (113.31)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Nilalayon naming gawing statutory requirement ang pagsama ng pahayag na ito sa aplikasyon para sa pag-aproba ng building control na nag-oobliga sa pangunahing designer na kumpirmahin na ipinatupad nila ang kanilang mga tungkulin. Kabilang dito ang lahat ng mga makatwirang hakbang na isinagawa upang masigurado na ang disenyo ay sumunod sa lahat ng mga mahalagang rekisito ayon sa mga building regulation.

Bibigyang konsiderasyon namin kung itong requirement ay dapat ipatupad sa lahat ng nauukol sa building control at hindi lamang mga higher-risk building, ayon sa mga rekisito ng mga dutyholder na nakasaad sa Building Safety Act 2022.

**Rekomendasyon 21: Na maglunsad ng sistema ng paglisensiya na pamamahalaan ng construction regulator para sa mga principal contractor na nais pumasok sa konstruksyon o refurbishment ng mga higher-risk building, at gawing legal na rekisito na anumang aplikasyon para sa pag-aproba ng building control para sa konstruksyon o refurbishment ng mga higher-risk building (Gateway 2) ay susuportahan ng personal na pangako mula sa direktor o senior manager ng principal contractor na isinagawa ang lahat nang makatwiran upang matiyak na sa oras ng pagtapos at handover ng building, ito ay ligtas ayon sa mga Building Regulation. (113.33)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Irerebyu namin ang epekto ng bagong rehimen para sa dutyholder kaugnay sa mga higher-risk building, at makikipag-ugnay kami sa sektor upang malaman kung paano mahihigitan pa ang mga ito, kabilang dito ang pagpasok ng sistema para sa paglisensiya para sa mga principal contractor na kung saan maibibigay ang lisensiya kung naaayon ito sa mga batayan ng mga rekisito ng dutyholder at maaaring bawiin kung hindi ito makapasa sa mga regulasyon.

**Rekomendasyon 22: Hihirang ang gobyerno ng independyenteng panel upang ikonsidera kung pabor sa publiko na ang mga tungkuling kaugnay sa building control ay dapat ipatupad ng mga mayroong komersyal na interes sa proseso. (113.37)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Magtatag ng independyenteng panel upang irebyu ang sektor kaugnay sa building control at magrerekomenda kung aling ahensiya ang gaganap sa mga naitukoy na tungkulin, at kung lahat ng mga tungkuling kaugnay sa building control ay dapat ipatupad ng isang pambansang awtoridad.

**Rekomendasyon 23: Irerekomenda namin na ang panel na ito ang magpapasya kung ang lahat ng mga tungkuling kaugnay sa building control ay dapat gampanan ng isang pambansang awtoridad. (113.38)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito**

Tingnan ang rekomendasyon 22.

**Rekomendasyon 24: Naitukoy na namin ang Cladding Materials Library na itinayo ng University of Queensland, na maaaring maging mahalagang mapagkukunan ng impormasyon para sa mga nagdidisenyo ng mga building. Inirerekomenda namin na i-sponsor ng construction regulator ang pagtayo ng magkatulad na library, na maaaring maging magkaugnay na proyekto kasama ang University of Queensland, upang makapagbigay ng patuloy na mapagkukunang impormasyon para sa mga designer. (113.39)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Tanggap namin ang ideya ng mas mahusay na mapagkukunan ng impormasyon, at test result sa pamamagitan ng isang digitally based library. Alinsunod dito, ikinokonsidera namin ang mga opsyon upang mapabuti nang husto ang access sa mga datos mula sa mga test sa  produkto at materyales at ang malawakang impormasyon kaugnay sa fire safety at performance bilang bahagi ng mas malawakang pagreporma ng mga produktong pangkonstruksyon.

**Rekomendasyon 25: Gawing legal na rekisito para sa gobyerno na magmentena ng rekord ng mga rekomendasyon na maaaring mabasa ng publiko na isasagawa ng mga select committee, coroner at public inquiry kabilang ang paliwanag ng mga hakbang na isinagawa bilang pagtugon. Kung magpasya ang gobyerno na hindi tanggapin ang isang rekomendasyon, kailangang itala nito ang mga dahilan sa pagtanggi nito. Dapat maging tungkulin ng Parliament na siyasatin ang mga aksyon nito, at kailangang obligahin ito na magsagawa ng report taun-taon. (113.40)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito kahit ang ideya lamang**

Magtatatag kami ng rekord sa GOV.UK ng lahat ng mga rekomendasyon na isinagawa ng mga public inquiry mula 2024, at ikokonsidera naming gawin itong isang pangmatagalang legal na rekisito. Sang-ayon ang gobyerno na ang pagsiyasat ng mga aksyon nito ay tungkulin ng Parliament, at mangangako ang mga ministro na ipagbigay-alam sa Parliament ang progreso sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon mula sa inquiry. Itinukoy ng gobyerno ang rekomendasyon ng House of Lords Statutory Inquiries Committee na magtatag ng bagong komite sa Parliament upang mapahusay ang

pagsiyasat ng pagresponde ng gobyerno sa mga rekomendasyon ng inquiry. Mayroon nang itinayo ang hudikatura o judiciary na rekord ng mga report ukol sa Prevention of Future Death na isinagawa ng mga coroner na maaaring mabasa ng publiko, at nakikipag-ugnay ang gobyerno sa Chief Coroner upang dagdagan ang akses at pagiging tapat at, at pati na rin ang pananagutan para sa mga pagtugon sa kanila.

**Rekomendasyon 26: Na magtatatag ang gobyerno ng isang sistema na mag-oobliga sa akreditasyon upang matiyak ang kakayahan ng mga fire risk assessor sa pamamagitan ng paglikha ng pamantayan para sa kwalipikasyon at patuloy na professional development at iba pang mga hakbang na maituturing na kailangan o kanais-nais. Naniniwala kami na kailangang obligahin ang sistema ng akreditasyon upang masigurado ang kakayahan ng mga taong nagsisilbi bilang fire risk assessor. (133.41)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Magpapasa kami ng batas na mag-oobliga sa mga fire risk assessor na magkaroon ng kakayahang gampanan ang mahalagang tungkuling ito at na mapapatunayan sa paraang independiyente ng isang UKAS-accredited Certification Body.

**Rekomendasyon 27: Wala kaming katayuan upang madetermina kung kinakailangan ang mas higit na standardisation ng mga fire control switch at keys. Kaya inirerekomenda namin na hilingin ng gobyerno ang kailangang-kailangang payo mula sa Building Safety Regulator at ang National Fire Chiefs Council tungkol sa kalagayan at lawak ng problema at ang nababagay na pagresponde dito. (113.43)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Nagsasagawa ng rebyu ang National Fire Chiefs Council at ang Building Safety Regulator kaugnay sa mga patnubay para sa pagkakaroon ng mga lift fire control switch upang magkaroon ng pananaw sa standardisation sa mga building. Tinatanong din nila ang mga fire at rescue services upang madetermina kung paano ipinamamamahagi ang mga lift key at tipo ng key, sa mga bumbero.

**Rekomendasyon 28: Obligahin ang bawat gas transporter na i-check ang akses ng bawat [pipeline isolation] valve sa sistema nila nang hindi bababa nang isang beses bawat tatlong taon at  i-report ang mga resulta ng inspeksyong iyon sa Health at Safety Executive bilang bahagi ng kanilang gas safety case review. (113.44)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito kahit ang ideya lamang.**

Sang-ayon kami sa mga finding ng Inquiry na ang akses at paggana ng mga valve na ito ay mahalaga sa pagtiyak ng health at safety sa pamamagitan ng pagtigil ng gas supply kapag may emergency. Kahit na maaaring tama lang na magkaroon ng inspeksyon bawat tatlong taon, may mga ibang sitwasyon na kung saan ang mga inspeksyon ay dapat gawing mas madalas o mas madalang.

Upang mapag-alaman pa ukol dito, ang Health at Safety Executive (HSE) ay nakikipag-ugnay sa mga pangunahing stakeholder upang mas lubos na maunawaan;

- ang mga kasalukuyang systems integrity approach, na tumutukoy sa mga pagbabago sa mga patakaran ng operator mula noong naganap ang trahedya sa Grenfell;
- ang relasyong nagkokonekta sa mga gas network operator, may-ari ng building/mga taong may pananagutan/may-ari ng lupain upang maintindihan ang mga paghahamong hinaharap kapag natukoy ang mga isyu sa pipeline isolation valve at mga ruta patungong resolusyon.

Gamit ang pananaliksik na suportado ng ebidensya, bubuo ang HSE ng mga inisyal na opsyon sa March 2025, na may panukalang nakatakdang iskedyul para sa pagpili ng pinaborang opsyon.

**Rekomendasyon 29: Magtatatag ang gobyerno ng [independyenteng College of Fire and Rescue] kaagad na may sapat na kakayahan at tauhan upang ibigay ang mga sumusunod na serbisyo sa buong bansa:**

a) **praktikal na training sa lahat ng level na dagdag pa sa ibinibigay ng mga indibidwal na fire at rescue service;**

b) **edukasyon tulad ng mga lecture at seminar sa iba't ibang aspeto ng tungkuling ng mga fire at rescue service upang magbahagi ng mga karanasan at mahuhusay na pamamalakad;**

c) **magsagawa ng pananaliksik sa mga isyu na nakakaapekto sa mga tungkulin ng mga fire at rescue service, kabilang dito ang mga malalaking sunog;**

d) **ang pagpapahusay ng mga equipment, patakaran at paraang angkop para masigurado ang pagka-epektibo ng mga fire at rescue service sa buong bansa at ang kaligtasan ng mga bumbero at ng publiko;**

e) **ang pagtatag at pagpapanatili ng mga pambansang pamantayan ng kakayahan ng mga manager para sa mga senior manager, kabilang ang mga control room manager, at pagbibigay ng management training para sa regular na ebalwasyon ng mga nasa senior na ranggo na itinukoy sa mga nasabing pamantayan. (113.51)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito kahit ang ideya lamang**

Kinikilala namin ang halaga ng pagtiyak ng pagbibigay ng angkop na training para sa mga fire at rescue service at ang pagpapanatili ng mga mataas na pamantayan. Inirekomenda rin ang paglikha ng college sa 2023 HMICFRS spotlight report ukol sa mga saloobin at kultura sa mga fire at rescue service bilang pamamaraan ng pagharap ng mga paghahamon sa mga isyung ito.

Kailangan ng lehislasyon sa pagtatag ng college at ang unang hakbang na kailangang gawin ay magsagawa ng konsultasyon. Mula sa summer ng 2025, magkokonsulta kami tungkol sa mga pinakaangkop na tungkulin na dapat gampanan ng college at ang pinakamahusay na paraan kung paano ito ilikha at ihatid, at kasama ang ibang mga tungkulin na inirekomenda ng Inquiry. Ang pakikipag-ugnay sa mga malawakang sektor ng mga tao at organisasyon at ang pakikinig sa kanilang pananaw ay magpapatatag ng aming mga panukala.

Kailangang maging prayoridad ang agarang pagsang-ayon ng mga partner sa sektor kung ano ang mga real-world outcome na maihahatid ng isang magaling na college, upang maging pundasyon ng mga susunod na hakbang.

**Rekomendasyon 30: Dapat magkaroon [ang college] ng permanente at sapat na staff upang pamahalaan ang pamamalakad nito at pahusayin ang mga tungkulin nito bilang pagtugon sa mga pangangailangan ng fire at rescue services sa buong bansa at ang mga rekisito mula sa board. Mangangailangan ang college ng akses sa mga permanenteng pasilidad, kabilang dito ang mga ilalaan para sa praktikal na training at edukasyon. Aasahan namin na ang karamihan ng training at edukasyon ay ibibigay at pamumunuan ng mga firefighter na ma sapat na karanasan na manggagaling mula sa iba't ibang fire at rescue service sa buong bansa. (113.53)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito kahit ang ideya lamang**

Tingnan ang rekomendasyon 29. Itong impormasyong ito ay manggagaling sa konsultasyon tungkol sa pinakaangkop na tungkulin na dapat gampanan ng college at kung paano ito ililikha at ituturo.

**Rekomendasyon 31: Na magsagawa ng inspeksyon ang His Majesty's Inspectorate of Constabulary and Fire and Rescue Services ("ang Inspectorate") sa London Fire Brigade sa lalong madaling panahon hangga't maaari upang siyasatin at magreport tungkol sa:**

a) **gaano ka-integrated ngayon ang control room sa organisasyon;**

b) **ang bisa ng mga patakaran para sa pagtukoy ng mga kailangang training ng control room staff, paghatid ng epektibong training at ang pagtala ng mga naging resulta nito;**

c) **ang pagiging epektibo ng control room;**

d) **ang kakayahan ng control room na aksyunan ang maramihang mga hiling para sa payo at tulong mula sa mga taong direktang apektado ng mga sunog o iba pang emergency; at**

e) **ang kalidad at pagiging epektibo ng mga areglo para sa komunikasyon ng control room at ng incident commander. (113.55)**

**Tanggap ng His Majesty's Inspectorate of Constabulary and Fire and Rescue Services (HMICFRS) ang rekomendasyong ito.**

Kamakailan lamang na nag-inspekyon ang HMICFRS sa London Fire Brigade noong Pebrero 2024 ukol sa kanilang pagiging epektibo, kahusayan at pangangasiwa ng mga tauhan. Inilathala ang mga finding na ito noong Nobyembre 2024.

Sa pangkalahatan, napag-alaman ng HMICFRS na ang London Fire Brigade ay nagsagawa ng mga malawakang pagpapahusay sa pagganap ng kanilang tungkulin mula noong naunang inspeksyon noong Enero 2022. Napahusay ng London Fire Brigade ang pag-unawa nila sa mga delikadong sitwasyon at patuloy na nagreresponde kaagad sa mga sunog at maituturing na magaling ang kanilang pagresponde sa mga malalaking insidente na tinutugunan ng iba pang mga ahensiya.

**Rekomendasyon 32: Magsasagawa ng inspeksyon ang Inspectorate sa London Fire Brigade sa lalong madaling panahon hangga't maaari upang siyasatin ang mga kasalukuyang areglo nito para masuri ang training at kakayahan ng mga incident commander, sa pamamagitan ng proseso ng revalidation o kung anuman. (133.56)**

**Tanggap ng His Majesty's Inspectorate of Constabulary and Fire and Rescue Services (HMICFRS) ang rekomendasyong ito.**

Tingnan ang rekomendasyon 31.

**Rekomendasyon 33: Magsagawa ng inspeksyon ang Inspectorate sa LFB sa lalong madaling panahon hangga't maaari upang siyasatin at magreport tungkol sa areglo nito sa pagkolekta, pag-imbak at paghatid ng impormasyon ayon sa section 7(2)(d) ng Fire at Rescue Services Act 2004, lalo na ang mga areglo para tukuyin ang mga high-risk residential building at mangolekta,**

**Tanggap ng His Majesty's Inspectorate of Constabulary and Fire and Rescue Services (HMICFRS) ang rekomendasyong ito.**

Tingnan ang rekomendasyon 31.

**Rekomendasyon 34: Magtatatag ang London Fire Brigade ng epektibong takdang patakaran para sa pagkolekta, pagkonsidera at pagpapatupad ng mga natutunang leksyon mula sa mga dating insidente, mga inquest at imbestigasyon. Ang mga areglong ito ay dapat maging lubos na simple hangga't maaari, at nakakapagtugon sa mga pangyayari upang masiguro na anumang karapat-dapat na pagbabago sa patakaran o pamamalakad ay maipatupad kaagad. (113.58)**

**Tanggap ng London Fire Brigade (LFB) ang lahat ng mga rekomendasyong kaugnay sa kanila, kabilang ito na para talaga sa kanila.**

Nangangako ang LFB na masiguro na may matutunang leksyon at mahusay na pamamalakad mula sa mga insidente at ipapamahagi ang mga ito sa kabuuan ng organisasyon at mga kinauukulang ahensiya.

Pinahusay ang pagkolekta ng kaalaman at datos mula sa mga operational na insidente, at mas mayroong tapat na pamamaraan na nagbibigay suporta pagdating sa pagtuto, na nagpapakita ng mahusay na pamamalakad mula sa ibang sektor tulad ng kalusugan at aviation.

Binigyang prayoridad ang mga malalaki at mahalagang insidente para mapagkunan ng leksyon ang mga ito, at upang maipamahagi ang ipormasyon sa lalong madaling panahon hangga't maaari, kung may maganap man na insidente na magkatulad nito.

Nagtaguyod ang Brigade ng bagong bulletin - ang Operational News Flash - upang magbigay kaagad ng risk critical na impormasyong direkta sa operational staff na binubukod ang mga need-to-know mula sa mga nice-to-know kaugnay sa operational learning at pagtukoy ng mga operational risk.

**Rekomendasyon 35: Dapat ikonsidera ng mga fire at rescue services na patuloy na gumagamit ng mga lower power intrinsically safe radio bilang bahagi ng breathing apparatus na gamitin ang mga ito para lamang sa mga sitwasyon na may malaking posibilidad na lumiyab ang flammable gas at gumamit ng mga radyo ng mas may power, lalo na sa mga high-rise building. (113.59).**

**Tanggap ng National Fire Chiefs Council (NFCC) ang rekomendasyong ito para sa lahat ng mga fire at rescue service.**

Kasalukuyang sinusuri ng NFCC ang mga fire at rescue service upang maunawaan ang mga patakaran na nasa lokal na level at anong pambansang suporta ang mailagay upang masuporta ang mga serbisyo na mapatupad ang rekomendasyong ito.

Magsasagawa ang NFCC ng delivery plan sa katapusan ng Abril 2025 na magsasaad ng mga aksyon na kukunin nila bilang resulta nito.

**Rekomendasyon 36: Na bibigyang konsiderasyon ng lahat ng fire at rescue service ang pagbigay sa mga bumbero ng mga digital na radyo.**

**Tanggap ng National Fire Chiefs Council (NFCC) ang rekomendasyong ito para sa lahat ng mga fire at rescue service.**

Tingnan ang rekomendasyon 35.

**Rekomendasyon 37: Dahil hindi madalas maasahan ang mga komunikasyon sa radyo sa ilang sitwasyon, inirerekomenda namin na bigyan ng training ang mga bumbero kung ano ang gagawin kung mawala ang komunikasyon at malaman kung paano maibabalik ito. (113.61)**

**Tanggap ng National Fire Chiefs Council (NFCC) ang rekomendasyong ito para sa lahat ng mga fire at rescue service.**

Nirebyu ng NFCC ang nilalaman ng national operational guidance at sinusuri ang mga fire at rescue service upang matukoy ang mga dagdag na aksyong maaaring isagawa upang masuportahan ang kaalaman at training kung ano ang gagawin kapag mawala ang komunikasyon.

Magsasagawa ang NFCC ng delivery plan sa katapusan ng Abril 2025 na magsasaad ng mga aksyong kukunin nila bilang resulta nito.

**Rekomendasyon 38: Dapat lahat ng mga bumbero ay mabigyan ng basic training sa istruktura at paggamit ng sistema ng supply ng tubig, kabilang dito ang iba't ibang tipo ng mga hydrant na ginagamit at kung paano ito gumagana. Dapat magbigay din ng training sa mga epektibong paraan upang palakasin ang pagdaloy ng tubig at pressure kapag kailanganin ito. (113.62)**

**Tanggap ng National Fire Chiefs Council (NFCC) ang rekomendasyong ito para sa lahat ng mga fire at rescue service.**

Nirebyu ng NFCC ang nilalaman ng national operational guidance at kinokonsulta ang mga fire at rescue service upang matukoy ang mga dagdag na aksyong maaaring isagawa upang masuportahan ang kaalaman at training sa sistema ng supply ng tubig.

Magsasagawa ang NFCC ng delivery plan sa katapusan ng Abril 2025 na magsasaad ng mga aksyong kukunin nila bilang resulta nito.

**Rekomendasyon 39: Magtatag ang lahat ng fire at rescue service ng napagkasunduang protokol sa mga statutory water undertaker sa kanilang mga lugar at regular na irebyu ito upang magkaroon ng epektibong komunikasyon kaugnay sa supply ng tubig para sa pagpatay ng sunog. (113.63).**

**Tanggap ng National Fire Chiefs Council (NFCC) ang rekomendasyong ito para sa lahat ng mga fire at rescue service.**

Nakikipag-usap ang NFCC at mga fire service lead officer para sa tubig sa mga water undertaker kung paano mapalakas pa ang mga kasalukuyang areglo, at may pag-uusap din kasama ang Ofwat upang mapabuti ang pakikipag-ugnay ng mga serbisyo at mga water undertaker.

Magsasagawa ang NFCC ng delivery plan sa katapusan ng Abril 2025 na magsasaad ng mga aksyon na kukunin nila bilang resulta nito.

**Rekomendasyon 40: Aamyendahan ng British Standards Institution ang BS 750 upang mailarawan ang mga sitwasyon na kung saan susukatin ang mga flow coefficient na itinukoy sa paragraph 10.2. (113.64)**

**Tanggap ng British Standards Institution (BSI) ang rekomendasyong ito.**

Aamyendahan nila ang BS 750 at inaasahang ilathala ang inamyendang standard, ayon sa karaniwang proseso ng standard development at pagkatapos ng pampublikong konsultasyon, sa dakong huling bahagi ng 2025.

**Rekomendasyon 41: Bibigyang konsiderasyon ng National Fire Chiefs Council kung dapat bang huwag hayaan ang mga firefighter na kusang hindi sundan ang kanilang kautusan, sa aling mga sitwasyon maaaring mangyari ito, at magbigay ng training kung paano sila dapat magresponde sa mga ganitong sitwasyon. (113.65)**

**Tanggap ng National Fire Chiefs Council (NFCC) ang rekomendasyong ito para sa lahat ng mga fire at rescue service.**

Lubos na delikado at paiba-iba ang sitwasyon na hinaharap ng mga firefighter at mahalagang makaresponde sa mga pagbabago upang manatiling ligtas sa trabahong ito. Mahalaga ang abilidad na makipagkomunikasyon kung may mga pagbabago sa nagaganap na sitwasyon, at ang kailangang paglihis sa misyon minsan.

Nirebyu ng NFCC ang mga kasalukuyang guidance sa briefing at debriefing ng mga crew at kinokonsulta ang mga fire at rescue service upang madetermina ang mga dagdag na patakarang na makakasuporta sa kaalaman at training sa isyung ito.

Magsasagawa ang NFCC ng delivery plan sa katapusan ng Abril 2025 na magsasaad ng mga aksyon na kukunin nila bilang resulta nito.

**Rekomendasyon 42: Na ang [Civil Contingencies] Act [2004] ay irebyu at bigyang konsiderasyon ang pagbigay ng kapangyarihan sa takdang Secretary of State na gampanan ang tungkulin ng Category 1 responder sa halip nito sa limitadong takdang panahon. (113.67)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Irerebyu ng Cabinet Office ang mga kapangyarihang kaugnay sa statutory intervention, sa pagkonsulta nito sa ibang mga departamento ng gobyerno.

**Rekomendasyon 43: Regulasyon 23 ng Civil Contingencies Act 2004 (Contingency Planning) Regulasyon 2005 ay mag-oobliga sa Category 1 responder na makipag-ugnay kapag lumilikha ng plano para sa mga aktibidad ng kinauukulang boluntaryong organisasyon. Kaya inirerekomenda namin na amyendahin ang regulasyon upang obligahin ang mga Category 1 responder na magtatag at magpanatili ng mga relasyon sa mga organisasyong boluntaryo, pangkomunidad at pangrelihiyon sa mga lugar na pinangangasiwaan nila at nirerespondahan kapag may emergency. (113.68)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito kahit ang ideya lamang**

Tanggap namin ang mahalagang papel na ginagampanan ng voluntary, community at faith sektor (VCFS) sa lahat ng aspeto ng pagiging matatag at handa kaming bumuo ng mas malakas na relasyon at kolaborasyon sa mga grupong ito. Ngunit dahil maraming iba't ibang grupo sa sektor na ito,  ipinapanukala namin ang isang mabilisang konsultasyon at kukumpirmahin ang magiging resulta sa huling bahagi ng 2025. Kailangan naming bigyang konsiderasyon kung ang statutory duty ang pinakamahusay na paraan upang mapaganda ang pakikipag-ugnay; kung anumang pasan ang madudulot ng anumang bagong statutory duty sa mga emergency responder at VCFS ng organisasyon, lalo na sa mga maliliit na organisasyong nakabase sa mga komunidad, tulad ng mga iyon na nakasuporta nang husto sa komunidad ng Grenfell.

**Rekomendasyon 44: Ang kasalukuyang guidance para sa paghahanda para sa emergency ay mahahanap sa ilang mga dokumento, at lahat ng mga ito ay lubos na mahaba at hindi na napapanahon minsan. Inirerekomenda namin na iamyenda**

**ang guidance na ito, bawasan ang haba at ipagsama sa iisang dokumento na nagbibigay diin na dapat ikonsidera ng mga pangunahing taga-responde ang mga rekisito para sa recovery; ang pangangailangang itukoy ang mga bulnerableng tao; ang halaga ng pagtukoy at pakikipagkooperasyon sa mga boluntaryo, komunidad at faith group at umaayon sa Equality Act 2010. (113.69)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Bibigyang konsiderasyon ito nang husto sa magiging resulta ng resilience review. Bilang unang hakbang, ilalathala namin ang inamyendang  guidance para sa mga lokal na taga-responde ukol sa 'Pagtukoy at Pagusporta sa mga Bulnerableng Tao' sa spring ng 2025.

**Rekomendasyon 45: Na kilalanin ang pagbibigay halaga para sa mga konsiderasyong humanitarian sa pamamagitan ng paglilikha nito bilang pangsiyam na prinsipyo ng epektibong pagresponde at recovery. (113.69)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Bibigyang konsiderasyon ito nang husto sa magiging resulta ng resilience review.

**Rekomendasyon 46: Nakita mula sa mga nakaraang pangyayari na kailangan ng mas malinaw na pag-unawa sa mga London Gold arrangement, lalo na sa mga sitwasyong iisang borough ang apektado. Kaya inirerekomenda namin na iamyenda ang guidance para sa pagpapatupad ng mga areglong iyon at ang kasalukuyan at bagong hirang na chief executive ay bigyan ng regular na training upang masiguro na pamilya sila sa mga patakaran nito. (113.70)**

**Sinusuportahan ng gobyerno ang rekomendasyong ito na nakadirekta para sa mga lokal na awtoridad ng London at ang London Local Authorities Regional Resilience Board.**

Ang mga istruktura para sa resilience ay nakasaad sa Civil Contingencies Act 2004 at ang statutory guidance nito, *Ang pagiging Handa sa Emergency*. Kakailanganin ng mga ito ang isang estratehikong partnership sa kabuuang London na kabibilangan ng iba't ibang ahensiya at isang hiwalay na 'Borough Resilience Forum' na partnership sa bawat borough ng London at sa Lungsod ng London.

Sinusuportahan ng London Local Authorities Regional Resilience Board ang mga lokal na awtoridad ng London sa pagpapatupad ng kanilang mga responsibilidad kaugnay sa resilience ayon sa Civil Contingencies Act 2004. Kabilang dito ang pagmamay-ari ng mga London Gold arrangement, na sinisikap na ireporma ng Board mula noong sunog sa Grenfell Tower.

Kabilang dito ang pag-update ng mga London Gold operational procedure; paglathala ng mga na-update na guidance para sa mga chief executive; ang kusang pakikipag-ugnay mula sa Regional Resilience Board sa mga lokal na awtoridad kapag naabisuhan na may insidenteng emergency; at ang pagbuo ng isang programa para sa training ng lahat ng mga London chief executive at iba ang senior na opisyal ng council sa mga London Gold arrangement na takdang ihatid sa 2025. Ang isa pang rebyu ng mga London Gold procedure ay nakatakda sa taong ito upang makumpirma na mapapatupad nila ang rekomendasyong ito ng Inquiry.

**Rekomendasyon 47: Na ang mga lokal na resilience forum ay magkaroon ng mga pambansang pamantayan upang masiguro ang epektibong training, paghahanda at pagpaplano para sa mga emergency at magsagawa ng mga independyenteng sistema ng pag-audit upang matukoy ang mga kakulangan at makakuha ng compliance. (113.71)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Lilinawin at bibigyan ng update ang mga National Resilience Standard para sa mga Local Resilience Forum (LRFs) upang mapaliwanag ang mga ekspektasyon ukol sa mga local resilience forum. Magsasagawa ng dagdag na gawain para madetermina ang angkop na antas ng katiyakan, kabilang ang paglikha ng pagsertipika at mga kwalipikasyon upang masiguro ng mga lokal na awtoridad at local resilience forum ang kanilang programa sa training ayon sa National Qualifications Framework.

Lumilikha rin kami ng mga proseso upang mas maunawaan ang paggana, kapasidad at kakayahan ng mga local resilience forum, pagkatapos ng pagpasok ng pagpondo ng local resilience forum core capacity noong 2021. Nangangako kaming magsagawa ng higit pa upang mapalakas ang mga LRFs, sa pamamagitan ng Stronger LRF trainblazers. Nagpasok din kami ng pormal na pagreport upang mas maunawaan ang pagiging handa ng mga local resilience forum; magkaroon ng lokal na capability assessment process sa train; at plano na mag-test ng bagong peer review protocol para makipag-ugnay ang mga lokal resilience forum upang masuri ang kanilang pagplano, pagresponde at recover, pati na ang training. Matutulungan nito ang gobyerno at mga lokal na partnership na maunawaan kung alin ang kanilang mga lakas at kahinaan at magtukoy ng pagpapahusay.

**Rekomendasyon 48: Na magpasok ng mekanismo para sa independyenteng pagberipika ng dalas at kalidad ng training na ibibigay ng mga lokal na awtoridad at ibang Category 1 na taga-responde. (113.71)**

**Tanggapng gobyerno itong rekomendasyong ito para sa mga Category 1 na taga-responde kahit ang ideya lamang.**

May iilang regulatory at inspectorate bodies sa mga organisasyon ng mga taga-responde na sumusuporta sa kanilang magampanan ang mga responsibilidad nila ayon sa Civil Contingencies Act. Tanggap namin na marami pa kaming magagawa upang mapanatili ang kalidad ng training at magtakda ng malilinaw na ekspektasyon. Kaya inatasan namin ang independyenteng Sector Skills Council na magsagawa ng rebyu ng National Occupational Standards. Itong mga bagong Standard na ito ay magtatakda ng kaalaman at kakayahan na kailangan upang maging mahusay sa kanilang mga papel na gagampanan kaugna sa resilience at papahusayin ang kalidad at availability ng training. Ilulunsad ang UK Resilience Academy (UKRA) sa Abril 2025 at magbubuo sila ng training curriculum base sa mga pamantayang ito. Itatakda namin ang ekspektasyon sa tipo at dalas ng training sa National Resilience Standards para sa mga local resilience forum na nabanggit sa rekomendasyon 47.

Bukod pa dito, kaugnay lalo na sa mga local authority Category 1 na taga-responde, makikipag-ugnay ang MHCLG sa mga lokal na partner sa pagplano ng proseso para makapag-report ang mga lokal na awtoridad ukol sa training at development**.**

**Rekomendasyon 49: Na dapat bigyan ng training ang lahat ng empleyado ng mga lokal na awtoridad, kabilang dito ang mga chief executive, upang maituring nila ang resilience bilang isang mahalagang aspeto ng kanilang mga tungkulin. (113.73)**

**Sinusuportahan ng gobyerno ang rekomendasyong ito para sa mga lokal na awtoridad.**

Inaasahan namin na ang lahat ng mga angkop na kawani ay bibigyan ng kinakailangang training. Dapat mabigyan ang mga lokal na awtoridad ng kapangyarihan upang madetermina kung sinu-sino sa mga kawani nila ang dapat makatanggap ng training na karapat-dapat at angkop sa kanilang lokal na pangangailangan. Ang National Occupational Standards na tinukoy sa rekomendasyon 35 ay tutulong sa pagdetermina nito.

Nag-aalok ang Local Government Association at SOLACE ng malawakang saklaw ng training para sa mga chief executive, kabilang din ang iilan na maaaring kunin mula sa Emergency Planning College.

Ang UK Resilience Academy, na ilulunsad sa Abril 2025, at ang Local Government Association ay naglalayon ding mag-alok ng programa sa training ukol sa resilience prevention, pagiging handa at pagresponde para sa mga local authority chief executive at senior manager.

**Rekomendasyon 50: Walang epektibong pamamaraan ang RBKC na mangolekta at magtala ng impormasyon tungkol sa mga taong na-displace sa tower at**

**nakapaligid na building, pati na ang mga taong nawawala. Ang pagkolekta ng maaasahang impormasyong tulad nito ay mahirap at ang mga hamong malamang na maharap ng mga local authority Category 1 na taga-responde ay magbabago depende sa tipo ng emergency. Inirerekomenda namin na ang lahat ng mga lokal na awtoridad ay magtaguyod ng mga paraan upang mangolekta at itala ang ganoong klaseng impormasyon, kung maaari sa electronic form, at subukang gamitin ang mga ito sa iba't ibang sitwasyon. (113.74)**

**Sinusuportahan ng gobyerno ang rekomendasyong ito para sa mga lokal na awtoridad.**

Itong responsibilidad na ito ay bibigyang diin sa guidance na lilinaw ng mga pangunahing tungkulin ng mga lokal na awtoridad. Tanggap namin na ang abilidad at rekisito upang gawin ito ay madedetermina ng emergency, sitwasyon at ang mga pangangailangan ng mga taong apektado ng insidente.

**Rekomendasyon 51: Na ang lahat ng mga lokal na awtoridad ay magsagawa ng mga patakaran hangga't maaari upang magkaroon sila ng kakayahang madaliang maglagay ng mga tao sa pansamantalang akomodasyon ayon sa kanilang mga personal, relihiyoso at kultural na pangangailangan. Ang mga lokal na provider ng social housing ay dapat isama sa mga areglong ito, hangga't maaari.**

**Sinusuportahan ng gobyerno ang rekomendasyong ito para sa mga lokal na awtoridad.**

Mayroon nang obligasyon ang mga lokal na awtoridad ayon sa Housing Act 1996 na bigyan ng akomodasyon ang mga taong nawalan ng tirahan dahil sa emergency. Itong responsibilidad na ito ay bibigyang diin sa guidance na lilinaw ng mga pangunahing tungkulin ng mga lokal na awtoridad.

**Rekomendasyon 52: Na isasama ng lahat ng mga lokal na awtoridad sa kanilang mga contingency plan ang mga areglo para makapagbigay ng agarang pinansyal na tulong para sa mga taong apektado ng emergency. (113.76)**

**Sinusuportahan ng gobyerno ang rekomendasyong ito para sa mga lokal na awtoridad.**

Mas kabisado ng mga lokal na awtoridad ang kanilang mga lugar at mga contingency plan, ngunit handa ang gobyerno na makipag-ugnay sa mga lokal na awtoridad at Local Government Association upang maunawaan kung paano mapagsama ang pinansyal na suporta sa mga contingency plan ng mga lokal na awtoridad at, kung naaangkop, tumulong sa pagdetermina kung anong klaseng pinansyal na suporta ang karapat-dapat.

**Rekomendasyon 53: Na bilang bahagi ng kanilang plano para sa mga emergency, magbibigay ang mga lokal na awtoridad ng detalyadong impormasyon tungkol sa availability ng mga key worker, ang tungkulin na gagampanan nila upang makapagbuo ng mga angkop na contingency plano para masiguro hangga't maaari ang pagpapatuloy ng suporta. (113.76)**

**Sinusuporta ng gobyerno ang rekomendasyong ito para sa mga lokal na awtoridad, at nililinaw na ang rekomendasyong ito ay ginawa kaugnay sa mga social worker.**

Handa ang MHCLG na makipag-ugnay sa Department for Health at Social Care, ang Department for Education at ang Local Government Association upang matiyak na ang keyworker social work guidance ay ibinahagi sa sektor at nagbigay abiso tungkol sa training.

**Rekomendasyon 54: Na bilang bahagi ng kanilang pagplano para sa mga emergency, lilikha ang mga lokal na awtorididad ng mga epektibong areglo para sa patuloy na pagkomunikasyon sa mga nangangailangan ng tulong gamit ang pinakaangkop na teknolohiya at mga iba't ibang wikang ginagamit sa lugar nila. (113.77)**

**Sinusuportahan ng gobyerno ang rekomendasyong ito para sa mga lokal na awtoridad.**

Mayroon nang legal na obligasyon ang mga lokal na awtoridad ayon sa kanilang mga tungkuling nakasaad sa Civil Contingencies Act 2004. Itong responsibilidad na ito ay bibigyang diin sa guidance na lilinaw ng mga pangunahing tungkulin ng mga lokal na awtoridad.

**Rekomendasyon 55: Na isama ng mga lokal na awtoridad sa kanilang mga pagplano para sa mga emergency ang mga patakaran para sa paghatid ng impormasyon sa publiko sa anumang kumbinasyon ng moderno at epektibong paraan ng komunikasyon para sa kanilang lugar na pinamamahalaan. (113.78)**

**Sinusuportahan ng gobyerno ang rekomendasyong ito para sa mga lokal na awtoridad.**

Mayroon nang legal na obligasyon ang mga lokal na awtoridad ayon sa kanilang mga tungkuling nakasaad sa Civil Contingencies Act 2004. Itong responsibilidad na ito ay bibigyang diin sa guidance na lilinaw ng mga pangunahing tungkulin ng mga lokal na awtoridad.

**Rekomendasyon 56: Na kung ano iyong dating itinawag na "casualty bureau" ng pulis ay ilarawan sa paraang malinaw na hindi ito nagbibigay ng impormasyon sa publiko tungkol sa mga taong apektado ng emergency. (113.78)**

**Tanggap ng National Fire Chiefs Council (NFCC) ang rekomendasyong ito para sa lahat ng mga fire at rescue service.**

Patuloy na isinasagawa ng NPCC na ipatupad ang magkatulad na rekomendasyong ibinigay noong 2018 ng Kerslake Independent rebyu ng pagbomba sa Manchester Arena. Ini-update nila ang mga karaniwang patakaran para ipatakbo ang casualty bureau at magpapatuloy ang tiyak na paghatid nito. Kahita na patuloy pa ring kikilalanin ang casualty bureau sa ganitong ngalan, nakikipag-ugnay ang NPCC sa mga namumuno sa force communication kung paano malinaw na ilarawan ang mga tungkulin ng casualty bureau, at nakikipak-ugnay ito sa local government upang masiguro na malinaw ang komunikasyon sa publiko kung may maganap na kritikal na insidente. Itong rekomendasyon na ito ay ganap na napatupad.

**Rekomendasyon 57: Na mabigyan pa ng dagdag na konsiderayon ang mga rekomendasyon sa Phase 1 ng report ayon sa mga napag-alamang impormasyon sa report na ito. (113.82)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Tinugunan namin ang mga rekomendasyong ito sa pagresponde sa konsultasyon ukol sa Emergency Evacuation Information Sharing Plus (EEIS+) na inilathala noong ika-2 ng Disyembre 2024.

**Rekomendasyon 58: Na bigyang konsiderayson muli ang payo na nasa talata 79.11 ng LGA Guide. (113.83)**

**Tanggap ng gobyerno itong rekomendasyong ito.**

Ang payo na nasa talata 79.11 ng LGA Guide ay tinanggal noong 2021. Nilalayon ng Home Office na maglathala ng bagong guidance para sa mga isyung sakop ng talata 79.11 sa 2025.

## Ang pahayag ng Deputy Primte Minister sa Parliament tungkol sa pagtugon ng Gobyerno sa pinal na report ng Grenfell Tower Inquiry.

**Ika-26 ng Pebrero 2025**

Tanggap ng Gobyerno na ang pinal na report ng Grenfell Tower Inquiry ay kailangan maging katalista para sa pangmatagalan at malawakang pagbabago sa sistema. Lahat ng mga Miyembro ng House, iyong mga dati at kasalukuyan, ay, tulad ko, nakaramdam ng galit ukol sa mga nakagigimbal na impormasyong natuklasan nito. Si Sir Martin Moore-Bick, ang pinuno ng Inquiry, at ang kanyang dedikadong team, ay nakaungkat ng nakapipinsalang ebidensya ng mga kakulangang pulitikal, indibidwal, at mula sa mga korporasyon, na naganap noong ilang nakaraang dekada. Nagresulta ito sa pagkasawi ng 72 inosenteng buhay, 18 sa kanila bata, noong teribleng gabing iyon noong Hunyo 2017. Ito ay isang malubhang pagtataksil at pambansang trahedya na hindi dapat maulit muli. Inuulit ko ngayon ang sinabi ng Prime Minister noong Setyembre sa mga namatayang pamilya, mga nakatakas at mga miyembro ng komunidad ng Grenfell, ang ilan ay naririto sa Gallery: sa ngalan ng Gobyerno, ang estadong British at sa mga maysala, ako ay lubos na humihingi ng paumanhin.

Nagsagawa ang inquiry report ng 58 na rekomendasyon, 37 mula dito ay nakadirekta sa Gobyerno. Tanggap ng gobyerno ang mga natuklasang datos ng report at ipapatupad ang lahat ng mga rekomendasyon. Tinugunan ng aming pagresponde na inilathala ngayon ang bawat rekomendasyon at hinigitan pa ang mga ito, upang maisaad ang aming mas malawakang pagreporma sa panlipunang pabahay at sa sektor ng konstruksyon. Habang isinasagawa namin ang mga mahahalagang pagbabago na ito, maglalathala kami ng mga report bawat quarter ukol sa progreso nito at magbibigay ng update sa Parliament taun-taon. Ilalahad ng Gobyerno ang lahat upang masiyasat ng publiko at mananagot para sa mga aksyon nito.

Bibigyang prayoridad namin ang mga residente at poprotektahan ang kanilang kapakanan, upang masiguro na ang sektor ay magtatayo ng mga ligtas na tahanan, at magbibigay ng mas malinaw na pananagutan at katuparan. Kahit isang tao lamang ang tumira sa tahanang hindi ligtas ay labag na sa hangaring ito. Ito ang magiging simulain na gagabay sa amin, at sa sinumang magnanais na magtayo o pangalagaan ang ating mga pamamahay. Ito ang magiging mahalagang bahagi ng pamana mula sa Grenfell.

Noong nakaraang halos walong taon, sa harap ng kanilang pagdurusa, determinado pa ring nangampanya ang mga namatayan, nakatakas at mga miyembro ng komunidad, upang hindi maranasan ng iba ang kanilang nadaanan. Tama lang na sabihin na ang sistema ng konstruksyon natin ngayon ay hindi na tulad ng sistema na makatwirang binatikos sa report—ang sistema na naroon bago naganap ang trahedya ng 2017. Ngunit malinaw na marami pang kailangang isagawa, kaya iaanunsyo ko ngayon na lilikha tayo ng isang construction regulator at chief construction adviser. Ipapahayag namin ang mga detalyadong plano ukol dito sa pangalawang bahagi ng taong ito.

Tinatanggap ko ang mga rekomendasyon na i-professionalise ang mga fire engineer at assessor, gawing lisensyado ang mga principal contractor at irebyu ang papel na gagampanan ng building control. Kung malinaw ang pamantayan at may kaliwanagan ang industriya at katiyakan kung paano kumilos ang mga indibidwal at kumpanya, magbibigay ito ng kumpyansa sa mga investor. Papahusayin nito ang kaligtasan ng mga residente, at susuportahan ang industriya ng konstruksyon at ang ating misyon na pasulungin ang ekonomiya.

Nangangako kaming magtayo ng 1.5 milyon na bahay sa termino ng Parliament upang matugunan ang ating matinding krisis ukol sa kakulangan sa pabahay, bilang bahagi ng aming plano para sa pagbabago upang umasenso ang mga mamamayan sa buong bansa. Mahalaga na ang mga bahay na itatayo pa lamang, at ang mga nakatayo na, ay ligtas at de kalidad, at ikinasisiya ko ang mga hakbang ng ginawa ng ilang sektor sa industriya sa pagsulong ng kinakailangang pagbabago sa kultura at pamamaraan.

Ngunit bago natin makalimutan, napag-alaman ni Sir Martin na halos lahat ng institusyon at organisasyong may tungkuling panatilihing ligtas ang tower at ang mga residente nito ay nabigo. Ang pinakanakakakilabot na konklusyon niya ay ang bawat kamatayan ay maaaring naiwasan. Nadiskubre na inquiry ang matinding kawalan ng kakayahan at pagpapabaya, kawalan ng aksyon at pagiging kampante, at ang harap-harapang kasinungalian at kasakiman. Kabilang sa mga organisasyong pumalpak ay ang Gobyerno at mga regulator; ang Departamento na pinamumunuan ko ngayon,  na hindi inaksyunan ang mga napag-alamang panganib at pinalampas, pinagpaliban at ibinalewala ang mga isyung kaugnay sa kaligtasan ng buhay; at ang mga manufacturer, kabilang dito ang Arconic, Kingspan at Celotex, na lumikha ng mga produkto na ginamit upang i-refurbish ang tower. Napag-alaman ng report na kumilos sila nang may malawakang kasinungalingan sa kanilang pagbenta at pag-market ng mga ito.  Inuna nila ang kita bago ang tao ayon sa kahiya-hiya at mersenaryong gawi na ito at pinagsamantalahan ang regulatory regime upang maiwasan ang pananagutan, at malala ang naging kinalabasan nito. Ako'y nasuklam sa kanilang kawalan ng kahihiyan, na walang gaanong ipinakitang pagsisisi ang iba at tumanggi pa ngang tumulong upang iwasto ang krisis sa building safety na nagsimula dahil sa kanila.

Dapat managot ang mga kumpanya sa papel na ginampanan nila sa Grenfell. Iaanunsyo ngayon ng Parliamentary Secretary, Cabinet Office na gagamitin niya ang kanyang bagong kapangyarihan ayon sa Procurement Act 2023 upang imbestigahin ang Arconic, Kingspan, Saint-Gobain bilang may-ari ng Celotex noong panahong iyon at iba pang mga organisasyon. Aasa ako na magkakaraoon ng mabilis at desididong aksyon at titiyakin ko na ang progreso nito ay iuulat.

Ngunit dapat mas higit pa ang kailangang gawin upang masigurado na nariyan ang mga tamang patakaran. Hanggang ngayon, mayroon pa ring mga malubhang puwang kung paano i-regulate ang mga produktong pangkonstruksyon. Mababago lamang natin ang kultura na hinayaang maganap ang trahedya kung magsagawa tayo ng mga masigasig na reporma. Upang makamit ito, maglalathala rin kami ng Green Paper para sa

pagreporma ng mga produktong pangkonstruksyon. Tutulungan nitong tanggalin ang kabulukan sa sektor at hayaang mabalik ang kahusayan sa kakayahan. Mauuna muna ang kaligtasan at ang kultura ng pananagutan ay mangingibabaw. Paparangalan namin ang mga taong magsusulong nito, at ang mga hindi magpapatupad nito ay haharap sa mga konsekwensya. Sa darating na panahon, papanagutin ang mga hindi kanais-nais na kumpanya. Isinasaad ng aming Green Paper ang aming mga ideya para sa pagkulong sa mga ehekutibong lumabag sa batas at mga multang walang limitasyon kung ang kaligtasan ay manganganib. Gagawin namin ang anumang kailangan para makamit ito.

Sa kabuuan ng sektor, mayroong pagnanais sa pagbabago. Matagal na dapat ipanatupad ang pagbabagong ito, at kami ang magsusulong nito. Pinaparangalan ko ang lubos na katatagan at determinasyon ng mga namatayang pamilya, mga nakatakas at mga miyembro ng nakapaligid na komunidad. Dahil sa kanilang pangangampanya, naipasa ang mga bagong batas na sinuportahan ng mga miyembro ng Gobyernong ito, na nagawang mas ligtas ang mga pampublikong lugar natin. Mas ligtas ang lahat, salamat sa Building Safety Act 2022, na nagsaad ng mga bagong pamantayan para sa konstruksyon ng mga residential building sa England. Lumikha ang batas ng Building Safety Regulator at mga patakaran para sa mga high-risk building. Alam ng lahat ng mga taong kasalukuyang naninirahan sa mga flat na ang mga entrance door, external wall at istruktura ng mga tirahan nila ay naaayon sa mga fire risk assessment  na itinakda ng Fire Safety Act 2021. May mga bagong panunungkulan para sa mga may-ari at manager ng mga building at bloke ng mga flat. Tinitiyak ng Social Housing (Regulation) Act 2023 na dapat managot ang mga landlord.

Hinamon ko na ang Royal Borough ng Kensington at Chelsea na ipakita kung paano sila nagbago sa pamamagitan ng pagiging mabuting modelo bilang landlord at lokal na awtoridad. Susubaybayan ko ang progreso nito, at papakinggan ang mga tenant nila upang malaman kung ito ay naabot.

Isusulong namin ang plano para sa remediation acceleration upang ayusin ang lahat ng mga gusali sa bansa na mayroon pa ring mapanganib na cladding, at kikilos kami kung may mga may-ari ng building na hindi ito mapatupad. Magpapasok kami ng mga regulasyon upang mapahusay ang fire safety at paglikas ng mga bulnerableng tao at mga may kapansan mula sa mga high-rise at higher-risk residential building. Mula ika-1 ng Abril, ang mga ministeryal na tungkulin kaugnay sa mga patakaran sa sunog ay ililipat mula sa Home Office patungo sa aking Departamento, ayon sa rekomendasyon ng inquiry na ilipat ang tungkulin para sa fire safety sa iisang Departamento.

Nasa sentro ng aming pagresponde sa inquiry ang mga tao at ang kanilang kaligtasan, ngunit nananatili pa rin ang isang malinaw at teribleng katotohanan: na ang mga namatayan, mga nakatakas at miyembro ng komunidad ng Grenfell ay naghihintay pa rin para sa katarungan na kailangan nila at nararapat na matanggap. Kailangang ipatupad ang katarungan. Ang patuloy na imbestigasyon ng Metropolitan police ay isa sa pinakamalaki na isinagawa, at taglay ng Met ang buong suporta ng Gobyerno. Noong Setyembre, tama ang Prime Minister nang sinabi niya na nagdala ang trahedya ng mga

tanong tungkol sa panlipunang hustisya at ang lugar nito sa Britain ngayon, at kung ang mga tinig ng mga working-class, ang mga may kapansanan at mga tao ng ibang lahi ay hindi pinansin at isinantabi. Naririto ako upang ipahayag na hindi tayo ang magiging bansa na iyon. Ang magiging bansa natin ay iyon na kung saan ang lahat ng mamamayan ay magkakaroon ng desenteng pabahay, seguridad, kaligtasan, at kapayapaan ng isip, hindi ang iilan lamang.

Hindi kinailangan ang isang trahedya upang mabatid ang mga leksyon na nagmula sa inquiry. Paparangalan namin ang alaala ng mga taong nasawi sa pamamagitan ng pagsasagawa ng makabuluhang pagbabago sa ngalan nila—isang pagbabagong magpapabuti sa buhay ng lahat. Wala kaming mga ilusyon ukol sa laki ng misyong ito. Ang tungkulin na magpatupad ng pangmatagalang pagbabago ay isang pribilehyo ng pamumuno. HIndi ito isasakatuparan ng Gobyerno lamang, ngunit gagamitin namin ang aming tinig at kapangyarihan para sa serbisyo ng layuning ipinaglaban ng komunidad ng Grenfell sa nakaraang walong taon. Sabay-sabay nating isasagawa ang malawakang pagbabagong nararapat na makamit ng mga mamamayan ng bansang ito. Taglay ang paghanga para sa kalooban ng komunidad ng Grenfell at ang determinasyon na igalang ito, inihaharap ko ang pahayag na ito sa House.